



Pangkalahatang Abiso sa Privacy

Huling Na-update: 30 Hunyo 2023

Tinutugunan ng Abiso sa Privacy na ito kung paano maaaring mangolekta at magproseso ng personal na impormasyon mula sa iyo ang RTX Corporation at mga subsidiary at kaakibat nito, bilang indibidwal, *hiwalay at maliban sa mga website at mobile application nito*. Nasa partikular na website na iyon ang abiso sa privacy para sa anumang website ng RTX. Para sa mga aplikante ng trabaho, mangyaring tingnan ang aming [Abiso sa Privacy ng Aplikante ng Trabaho](#). Dapat sumangguni ang mga empleyado sa [Abiso sa Privacy ng Empleyado](#) ng RTX.

Nakikipag-ugnayan ang RTX sa mga indibidwal sa iba't ibang paraan: mga mismong gumagamit (end user) ng aming mga produkto, empleyado ng aming mga customer at supplier sa negosyo, at iba pa sa aming mga komunidad. Para paganahin ang mga pakikipag-ugnayang ito, maaaring kakailanganin ng RTX na mangolekta at magproseso ng personal na impormasyon. Nagpatupad ang RTX ng teknikal, administratibo, at pisikal na mga hakbang para pangalagaan ang anumang personal na impormasyong posible naming kolektahin. Dahil nilayon ang Abiso na ito na sumaklaw sa iba't ibang uri ng sitwasyon, maaaring hindi naaangkop sa iyo ang ilang impormasyon sa Abiso na ito. Halimbawa, kung wala kang warranty sa isang kompanya ng RTX, hindi mangongolekta ng impormasyon ng warranty mula sa iyo ang RTX. Gayundin, sumusunod ang RTX sa

mga naaangkop na legal na kinakailangan at umiiwas ito sa pagkolekta o paggamit ng personal na impormasyon sa isang lokasyong ipinagbabawal ng naaangkop na batas.

Tinutukoy ng RTX ang personal na impormasyon bilang anumang data na nauugnay sa isang kinilala o makikilalang tao.

Anong personal na impormasyon ang maaaring kolektahin ng RTX?

Napapailalim ang personal na impormasyon na kinokolekta ng RTX sa mga naaangkop na legal na kinakailangan. Dahil sumasaklaw ang Abisong ito sa isang malawak na iba't ibang uri ng mga sitwasyon, maaaring may mga elemento ng data na nakalista dito na hindi naaangkop sa iyong partikular na sitwasyon. Mangyaring makipag-ugnayan sa RTX tulad ng inilarawan sa seksyong "Paano Makipag-ugnayan sa RTX" sa ibaba kung mayroon kang anumang tanong.

Uri ng personal na impormasyon	Outsourced Labor	Mga tauhan ng mga supplier, vendor, at customer sa negosyo	Mga bisita at taong pinahihintulatang gumagamit ng mga sistema ng RTX	Mga shareholder	Mga mamimili at mismong gumagamit (end user) ng ilang partikular na mga produkto ng RTX	Iba pa*
Pangalan, kabilang ang una, apelyido, gitna, anumang suffix (tulad ng Junior o Senior), at pagbati (tulad ng G. o Gng.)	X	X	X	X	X	X

Pangunahing impormasyon sa pagkakakilanlan, tulad ng petsa ng kapanganakan, at kasarian	X	X				X
Para sa mga dependent, kaugnayan sa may-hawak ng patakaran						X
Impormasyon ng pang-emergency na contact	X	X				
Impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa trabaho, kabilang ang numero ng telepono, numero ng facsimile, email address, numero ng pager, mailing address, at lokasyon ng trabaho	X	X	X			
Address ng tahanan, personal na email address at numero ng telepono sa bahay, kabilang ang personal na numero ng mobile na telepono	X				X	X
Ibinigay na mailing address, sa tahanan man, trabaho, o pareho				X		
Karanasan sa trabaho, edukasyon at kasaysayan ng trabaho, mga kategorya ng kasanayan kabilang ang mga kasanayan sa wika, lisensiya, sertipikasyon, pahintulot na magsagawa ng isang partikular na trabaho, o pagiging miyembro ng at paglahok sa mga samahang pangkalakalan o organisasyon ng mga propesyonal	X	X				X
Impormasyon tungkol sa trabaho ng isang indibidwal, kabilang ang titulo ng trabaho, departamento, tungkulin sa trabaho, at cost center	X	X	X			X
Impormasyon tungkol sa employer ng isang indibidwal, kabilang ang (mga) pangalan ng kompanya, (mga) lokasyon ng kompanya, (mga) address ng kompanya, at bansa kung saan nagnenegosyo	X	X	X			X

Pangalan ng superbisor at/o kasamang tumutulong	X	X	X			
Impormasyon sa pagsasanay, pagpapaunlad, at/o pagsusuri ng performance	X	X				
Ang impormasyon sa at mga log ng computer, network, at mga komunikasyon ng RTX na sumasaklaw sa paggamit ng mga telepono, computer, elektronikong komunikasyon (tulad ng email at elektronikong kalendaryo) ng kompanya, at iba pang teknolohiya ng impormasyon at komunikasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagkakakilanlan ng username/login, mga password, mga sagot sa mga tanong sa seguridad, at iba pang impormasyong kinakailangan para ma-access ang mga application, network, sistema, at serbisyo ng RTX pati na rin ang impormasyong sino-store, ipinapadala, isinumite, o natatanggap mo sa pamamagitan ng mga network at sistema ng RTX	X	X	X		X	X
Mga trabahong nakaatas at produkto ng trabaho na maaaring may koneksyon sa iyo, tulad ng ngunit hindi limitado sa mga dokumento at file na tinukoy ka bilang may-akda at mga gawaing naitalaga sa iyo	X					
Impormasyon ng serbisyo sa militar ayon sa kinakailangan ng mga naaangkop na kinakailangan at batas	X					
Impormasyon sa kapaligiran, kalusugan, at kaligtasan	X	X	X			X
Mga kasunduan, programa, at aktibidad kung saan lumalahok ang indibidwal	X	X				

Impormasyong may kaugnayan sa pagbabayad at invoice, kabilang ang mga numero ng pagkakakilanlan ng gobyerno at mga numero ng account sa bangko	X	X			X	X
(Mga) kagustuhan sa wika at komunikasyon	X	X	X	X	X	
Impormasyong nakolekta sa pamamagitan ng boluntaryong survey o promosyon o sa pamamagitan ng paggamit ng produkto	X	X			X	
Rekord ng anumang insidente na nangyari habang nasa lugar ng RTX	X	X	X			X
Impormasyon sa paglalakbay at gastos na nauugnay sa mga trabahong nakaatas, kabilang ang impormasyon ng visa, mga detalye ng gastos, at mga pansuportang gastusin	X	X				X
Impormasyong maaaring kolektahin bilang bahagi ng isang pagtatalaga, tulad ng data ng oras at pagpasok, impormasyon ng badge, mga larawan, audio, video, biometric na impormasyon (hal., fingerprint, iris scan, o pagkilala ng boses), o data ng geolocation na ginagamit para sa isang partikular na tungkulin o pagtatalaga, ngunit ang malalaman, magiging malinaw, at aayon sa naaangkop na batas ang nasabing pagkolekta	X	X	X			
Bansang sinilangan, mga pagkamamamayang hawak (nakaraan at kasalukuyan), at katayuan ng permanenteng paninirahan, ayon sa kinakailangan ng naaangkop na batas	X	X	X			
Mga kinakailangang pagsusuri, tulad ng medikal na pagsusuri, pagsusuri sa gamot, at/o impormasyon sa pagsusuri ng background ayon sa kinakailangan ng naaangkop na batas	X					

Impormasyong maaaring kailanganin para sa mga regulasyon sa pagsunod sa internasyonal na kalakalan para payagan ang iyong pag-access sa ilang partikular na teknolohiya o iba pang impormasyong nauugnay sa isang partikular na pagtatalaga o pagbisita ayon sa kinakailangan ng naaangkop na batas	X	X	X			X
Mga numero ng pagkakakilanlan na ibinigay ng gobyerno (nang buo o bahagya), gaya ng isang numero ng pagkakakilanlan ng buwis, numero ng pagkakakilanlan na itinalaga ng RTX, numero ng social security/insurance, numero ng lisensiya sa pagmamaneho na ibinigay ng gobyerno, visa, pasaporte, o iba pang numero ng dokumento	X	X	X	X		X
Mga kwalipikasyon para makapaglingkod bilang isang vendor, tulad ng impormasyon sa mga salungatan ng interes		X				
Impormasyon ng bisita, kabilang ang oras, petsa, at lokasyon ng mga pagbisita, impormasyon tungkol sa isang sasakyan para sa mga layunin ng pagpaparada, at impormasyong kinakailangan para mapanatili ang mga log ng bisita at pagsusuri ng tinanggihang partido	X	X	X			
Listahan ng mga nominal na regalo na maaaring naibigay o natanggap		X				X
Impormasyon ng lokasyon para sa ilang partikular na site na nagbibigay ng mga serbisyong nakabatay sa lokasyon, tulad ng mga mapa, access sa mga printer batay sa lokasyon, o pagkakaroon ng mga kalapit na silid para sa kumperensiya, ngunit malalaman at magiging malinaw ang nasabing pagkolekta	X		X			

Impormasyong ibinigay para mapadali ang isang serbisyo o paghiling ng tulong, tulad ng paggamit ng produkto o impormasyon ng problema	X	X	X	X	X	
Impormasyong kinakailangan para maproseso ang isang claim o magbigay ng mga hinihiling na benepisyo o serbisyo, na maaaring kabilang ang isang hiwalay na medikal na pagsusuri, impormasyong pangkalusugan, mga numero ng pagkakakilanlan ng gobyerno, o iba pang impormasyon						X
Impormasyong ibinigay sa konteksto ng paggamit ng mga karapatan bilang shareholder, tulad ng pagdalo sa pagpupulong (kabilang ang data na nakolekta para sa mga layuning panseguridad para sa mga dadalo sa pagpupulong at anumang recording ng mga pulong), impormasyon sa pagboto, at pagbabayad ng mga dibidendo				X		
Anumang impormasyon na pipiliin ng isang tao na isama sa isang dokumento na bahagi ng claim sa insurance at/o legal na paglilitis na kinabibilangan ng RTX						X

*Kabilang sa iba ang mga dependent at miyembro ng pamilya ng mga empleyado ng RTX, pang-emergency na contact, partido sa mga claim sa insurance, at indibidwal na nakikipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng email (ngunit hindi saklaw ng isa sa iba pang kategorya)

Sa mga bansang nagpapataw ng mga espesyal na proteksyon sa sensitibo o espesyal na Personal na Impormasyon (tulad ng tinukoy ng naaangkop na batas), kukunin, ipoproseso, o ililipat lang ng RTX ang iyong Sensitibong Personal na Impormasyon ayon sa kinakailangan ng batas o, sa mga pagkakataon kung saan ang pagbibigay ng data ay opsyonal, nang may hayagang pahintulot mo.

Pangkalahatang kukunin ng RTX ang personal na impormasyon mula sa iyo: kapag direkta mong ibinigay ito sa amin; kapag gumamit ka ng mga application, network, sistema at serbisyo ng RTX; at sa pamamagitan ng mga third party o aming mga

empleado (tulad ng form ng pagpaparehistro ng bisita). Magiging naaayon sa naaangkop na batas ang pagkolekta namin ng iyong personal na impormasyon.

Paano ginagamit ng RTX ang personal na impormasyong kinokolekta nito?

Layunin	Outsourced Labor	Mga tauhan ng mga supplier, vendor, at customer sa negosyo	Mga bisita at taong pinahihintutulang gumamit ng mga sistema ng RTX	Mga shareholder	Mga mamimili at mismong gumagamit (end user) ng ilang partikular na mga produkto ng RTX	Iba pa*
Pagsasagawa ng mga regular na pagpapatakbo ng negosyo, kabilang ang pagdidisenyo at pagpapaunlad ng mga produkto, pamamahala ng isang sistema ng Pagpapalano sa Mapagkukunan ng Negosyo (Enterprise Resource Planning, ERP), pagpapadala ng mga invoice at pangongolekta ng bayad, pagbibigay ng bayad, at pagbibigay ng mga produkto at serbisyo sa mga customer, na maaaring kabilang ang pagbabahagi ng limitadong personal na impormasyon sa mga customer o iba pang partner ng negosyo	X	X	X		X	
Pagbibigay ng mga hinihiling na produkto at serbisyo, na maaaring kabilang ang paggamit ng geolocation para sa ilang partikular na aplikasyon sa isang kilala at malinaw na paraan					X	
Pagsasagawa ng mga kampanya ng pagkakawanggawa	X					

Pagpapalano sa pagkuha ng tauhan, kabilang ang maaaring makaapekto sa badyet at pagpapalano at pag-uulat ng pananalapi	X					
Pagtugon sa mga sitwasyong may kinalaman sa panganib ng kalusugan o kaligtasan, kabilang ang isang emergency	X	X	X	X	X	X
Pamamahala ng mga komunikasyon at abiso	X		X	X	X	X
Pagpapalano at pagbibigay ng mga programa at serbisyong pangkalusugan at pangkaligtasan, kabilang ang pagsusuri sa gamot at mga programa pangkalusugan at pangkaligtasan	X					
Pag-uulat at istatistikal na analisis, kabilang ang headcount ng global enterprise, demograpiko, at pag-uulat na kinakailangan ng naaangkop na batas	X					
Pamamahala ng pisikal na seguridad, kabilang ang mga kontrol at seguridad sa pag-access, pag-access at kaligtasan sa pasilidad, at paghahanda sa sakuna	X	X	X	X		
<p>Pamamahala, pagpapanatili, at pag-secure ng mga sistema ng teknolohiya sa impormasyon (information technology, "IT"), tulad ng mga network ng computer, email, pag-access sa internet, sistema ng Pagpapalano sa Mapagkukunan ng Negosyo (Enterprise Resource Planning, "ERP"), at mga proseso ng trabaho, kabilang ang</p> <ul style="list-style-type: none"> ○ Mga kontrol sa pag-access at seguridad para sa computer at iba pang sistema ○ Internet, intranet, email, social media, at iba pang access sa elektronikong sistema ○ Virus, pagpasok, at pag-scan at pag-aanalisa ng pagbabanta ng nasa loob ○ Paglikha at pag-aanalisa ng mga log para sa mga layunin ng seguridad at helpdesk 	X	X	X	X	X	X

<ul style="list-style-type: none"> ○ Pagbibigay sa helpdesk ng suporta at mga aktibidad sa pagpapanatili ng sistema ○ Pag-back up at pagbawi ng data at pagbibigay ng mga serbisyo ng pagbangon mula sa kalamidad 						
Pangangasiwa sa pagsubaybay sa lokasyon, tagal, at iba pang telematics ng ilang partikular na asset at application ng RTX para sa pamamahala ng mga serbisyong ibinigay, seguridad, kaligtasan, at kahusayan	X	X	X			
Pagtiyak sa pagtupad sa mga kontrol ng pag-import, pag-export, at iba pang internasyonal na kalakalan, kabilang ang pamamahala sa mga pagpaparehistro at awtorisasyon, pagtukoy ng access sa mga kontroladong teknolohiya at/o mga kalakal, at pagsusuri para sa mga pinaparusahan o pinaghihigpitang mga bansa o partido	X	X	X		X	
Pagtugon sa mga tanong o alalahanin na isinumite sa programa ng Ombudsman ng RTX (karaniwang nangangahulugan ito ng paggamit ng data ng taong nagsumite ng tanong o alalahanin para tumugon pabalik)	X	X	X	X	X	X
Pagsasagawa ng mga audit at pagsusuri ng pagsunod para matiyak ang pagsunod sa naaangkop na patakaran, regulasyon, at batas	X	X	X	X		X
Pagsasagawa at pamamahala ng mga panloob at panlabas na imbestigasyon, kabilang ang mga pagsusuri sa Legal, Pandaigdigang Etika at Pagsunod, at Pagsunod sa Internasyonal na Kalakalan at anumang magresultang pahayag sa mga ahensiya ng pamahalaan	X	X	X	X	X	X

Pagsusuri at pag-uulat ng mga salungatan ng interes	X	X	X	X	X	X
Pagtugon sa mga isyu sa kapaligiran, kalusugan, at kaligtasan, kabilang ang mga claim sa pinsala at pagkasira	X	X	X		X	X
Pagsusuri at pangangasiwa ng iba't ibang uri ng mga claim sa insurance	X	X	X		X	X
Pag-uusig ng at pagdedepensa sa mga panglitigasyon, pang-arbitrasyon, administratibo, o panregulasyong claim, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, aktibidad bago ang hindi pagkakasundo, pangongolekta ng ebidensya, pagtuklas, mga pa-hold sa litigasyon, at mga pagsisikap sa e-discovery	X	X	X	X	X	X
Pagtugon sa pagpapatupad ng batas at iba pang katanungan ng gobyerno	X	X	X	X	X	X
Pagprotekta sa mga karapatan ng intelektwal na pag-aari, kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga paghahain ng patent	X	X				
Pagpapalano ng negosyo, kabilang ang pagpapalano para sa o pagsasagawa ng mga merger, acquisition, at divestiture	X	X	X	X	X	
Pagpapadali ng mga aktibidad sa pamamahala ng mamumuhunan	X			X		
Pagdodokumento ng pakikilahok sa mga propesyonal na organisasyon at pagbibigay o pagtanggap ng mga regalo sa negosyo at pagmamagandang loob		X				
Pangangasiwa ng marketing, kontrata, joint venture, at iba pang pagsisikap sa negosyo, kabilang ang walang limitasyong invoice at pagpoproseso ng pagbabayad, pamamahala ng proyekto, at mga survey at promosyon sa customer	X	X	X		X	

Pagdidisenyo, pagbebenta, paggawa, at pagpapahusay ng mga produkto		X			X	
Pagbibigay ng serbisyo at supply sa customer		X			X	
Pagsasanay at sertipikasyon ng mga tauhan ng customer, supplier, at vendor		X	X			
Pagsasagawa ng masusing pagsusuri sa supplier at vendor, kabilang ang mga pagtatasa ng peligro		X	X			
Pagpapaunlad at pamamahala ng badyet at pagpapalano at pag-uulat ng pananalapi		X	X			
Pagbibigay ng mga benepisyo at serbisyo ayon sa hinihiling ng empleyado man o ng benepisyaryo o dependent						X
Tinitiyak ang pagsunod sa mga naaangkop na batas, regulasyon, at patakaran ng RTX tungkol sa mga pangnegosyong regalo at naka-sponsor na pagbiyahe sa mga third party	X	X	X		X	
Pagtupad sa mga obligasyong kinakailangan ng mga pampublikong kompanya, tulad ng pagdaraos ng taunang pagpupulong (kabilang ang seguridad sa nasabing mga pagpupulong) at pagpapanatili ng listahan ng mga shareholder				X		
Gaya ng kinakailangan o hayagang pinahintulutan ng naaangkop na batas o regulasyon	X	X	X	X	X	X

Maliban kung ginamit bilang suporta sa isang kontrata sa iyo o para tuparin ang isang legal na obligasyon, ang aming paggamit ng iyong personal na impormasyon ay para lamang sa mga lehitimong interes ng negosyo gaya ng nakasaad sa itaas.

Kanino maaaring ibahagi ng RTX ang impormasyong kinokolekta nito?

Maaaring magbigay ng access o magbahagi ng Personal na Impormasyon ang RTX, kung kinakailangan, sa mga third party, tulad ng mga pinagkakatiwalaang provider, kasangguni at kontratista ng serbisyo na nabigyan ng access sa mga pasilidad o

sistema ng RTX, at sa mga ahensiya ng pamahalaan at iba pa bilang kailangan ng batas. Ibabahagi lang ng RTX ang iyong Personal na Impormasyon sa labas ng grupo ng mga kompanya ng RTX sa:

- mga provider ng serbisyo na pinanatili ng RTX para magsagawa ng mga serbisyo sa ngalan namin. Ibabahagi lang ng RTX ang iyong personal na impormasyon sa mga provider ng servisyos para sa mga layuning nakalista sa itaas. Kasama sa mga kategorya ng mga provider ng serbisyo kung saan maaaring ibahagi ng RTX ang iyong Personal na Impormasyon (at kung saan lang naaangkop) ang: mga kontratistang tumutulong sa nauugnay na pagtatalaga; tinanggihang provider ng pagsusuri ng partido; na-outsourced na provider ng digital na teknolohiya; at provider ng serbisyo na nag-aalok ng software bilang serbisyo. Ibabahagi lang ng RTX ang iyong personal na impormasyon sa mga provider ng serbisyo na pinaghihigpitan ayon sa kontrata ng RTX sa paggamit o pagsisiwalat ng iyong personal na impormasyon, maliban kung kinakailangan para magsagawa ng mga serbisyo sa ngalan namin o para sumunod sa mga legal na kinakailangan;
- sumunod sa mga legal na obligasyon, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagsunod sa mga obligasyon sa buwis at regulasyon, pagbabahagi ng data sa mga unyon ng manggagawa/na pangkalakalan at konseho ng trabaho, at pagtugon sa paglilitis sa hukuman o lehitimong legal na kahilingan mula sa mga awtoridad na nagpapatupad ng batas o iba pang regulator ng pamahalaan;
- siyasin ang pinaghihinalaan o aktwal na patakaran, etika, o mga paglabag sa pagsunod o ilegal na aktibidad;
- pigilan ang pisikal na pinsala at protektahan ang kaligtasan ng tao; o
- suportahan ang pagbebenta o paglilipat ng lahat o bahagi ng aming negosyo o mga ari-arian, kabilang ang pagkabangkarote.

Kung magbibigay ka ng mga serbisyo sa isang negosyo ng RTX at kailangan mong i-access ang isang pasilidad ng customer o mismong gumagamit, maaaring kailanganin ng RTX na ibigay mo ang iyong personal na impormasyon sa customer o mismong gumagamit na iyon para mapadali ang iyong pag-access sa site bilang pagsunod sa mga kinakailangan sa seguridad.

Maliban kung ginamit bilang suporta sa isang kontrata sa iyo o para tuparin ang isang legal na obligasyon, ang aming paggamit ng iyong personal na impormasyon ay para lamang sa mga lehitimong interes ng negosyo gaya ng nakasaad sa itaas. Hindi ibebenta ng RTX ang iyong personal na impormasyon.

Saan tinatago ng RTX ang iyong personal na impormasyon?

Dahil isang pandaigdigang kompanya ang RTX na matatagpuan sa iba't ibang bansa, maaari naming ilipat ang iyong impormasyon mula sa isang legal na entidad patungo sa isa pa o mula sa isang bansa patungo sa isa pa upang maisakatuparan ang mga layuning nakalista sa itaas at maaaring kasama ang pagbabahagi sa aming mga provider ng serbisyo sa ibang bansa. Kabilang sa mga bansang ito, sa minimum, ang Estados Unidos, karamihan ng mga miyembrong estado ng European Union, United Kingdom, Canada, at iba pang bansa, kabilang ang ilan sa Asya. Ililipat namin ang iyong personal na impormasyon nang naaayon sa mga naaangkop na legal na kinakailangan at hanggang sa kinakailangan lamang para sa mga layuning isinaad sa itaas.

Umaasa ang RTX sa mga magagamit na legal na mekanismo para paganahin ang legal na paglilipat ng personal na impormasyon sa mga hangganan at na nilayon para matiyak ang sapat na antas ng proteksyon, ayon sa kinakailangan ng batas. Hanggang sa umaasa ang RTX sa mga karaniwang sugnay sa kontrata (na tinatawag ding mga modelong sugnay) o Mga Nagbubuklod na Panuntunan ng Korporasyon para pahintulutan ang paglilipat, susundin ng RTX ang mga kinakailangang iyon, kabilang ang kung saan maaaring magkaroon ng salungatan sa pagitan ng mga kinakailangang iyon at ng Abiso na ito. Para basahin ang Mga Nagbubuklod na Panuntunan ng Korporasyon ng RTX, mangyaring i-download ang mga BCR sa iyong wika sa <https://www.rtx.com/privacy/binding-corporate-rules>.

Gaano katagal pinapanatili ng RTX ang Personal na Impormasyon?

Pinapanatili ng RTX ang personal na impormasyon para sa haba ng panahon na kinakailangan para matupad ang layunin kung para saan ito orihinal na kinolekta at para sa anumang karagdagang yugto ayon sa kinakailangan ng naaangkop na batas o regulasyon, hukuman, mga paglilitis na pang-administratibo o sa arbitrasyon, o mga kinakailangan sa audit.

Anong mga pagpipilian ang mayroon ka tungkol sa kung paano ginagamit ng RTX ang iyong personal na impormasyon?

Kung saan posible, bibigyan ka ng RTX ng pagkakataong magpasya kung ibibigay o hindi ang iyong Personal na Impormasyon. Maaaring may mga pagkakataon kung saan hindi ka bibigyan ng pagpipilian, gaya ng mga kasanayan sa seguridad ng IT tulad ng

pag-scan ng virus at malware para sa mga indibidwal na may access sa mga network ng RTX. Depende sa uri ng personal na impormasyon at ang dahilan kung bakit maaaring kinakailangan ito ng RTX, maaaring hindi matupad ng RTX ang iyong kahilingan nang hindi kinokolekta at pinoproseso ang iyong personal na impormasyon.

Palagi kang magkakaroon ng pagpipilian tungkol sa kung gagamitin ng RTX ang iyong personal na impormasyon para sa mga layunin ng marketing. Kung ibinigay mo sa amin ang iyong personal na impormasyon at gusto mo na ngayong hilingin na hindi na ito gamitin para sa mga layunin ng marketing, mangyaring makipag-ugnayan sa negosyo kung saan ka nakakatanggap ng mga komunikasyon hinggil sa marketing. Ang mga komunikasyon mismo at ang website ng negosyo ang magbibigay sa iyo ng mga detalye sa pakikipag-ugnayan. Hinihikayat ka rin naming gamitin ang opsyong mag-unsubscribe na available sa komunikasyon.

Anong karagdagang impormasyon ang dapat malaman ng mga partikular na indibidwal?

Mga residente ng California: *Batas na Shine the Light ng California:* Ang mga residente ng California ay maaaring taunang humiling at makakuha ng impormasyong ibinabahagi sa ibang negosyo para sa kanilang sariling direktang paggamit para sa marketing sa loob ng naunang taon sa kalendaryo. Hindi ibinabahagi ng RTX ang iyong personal na impormasyon sa ibang negosyo para sa kanilang sariling direktang paggamit para sa marketing.

Batas sa Privacy ng Mamimili ng California: May karapatan ang mga residente ng California na:

- humiling ng mga detalye tungkol sa personal na impormasyon na mayroon kami tungkol sa iyo, kabilang ang mga kategorya ng impormasyon, ang layunin kung saan namin ito ginagamit, kung kanino namin ito ibinabahagi, at partikular na impormasyon tungkol sa kung anong personal na impormasyon ang mayroon kami tungkol sa iyo;
- hilinging alisin ang iyong data; at
- idirekta ang isang kompanya na huwag ibenta ang iyong data, ngunit, dahil hindi nagbebenta ng personal na impormasyon ang RTX, hindi ito nalalapat.

Kung residente ka ng California at gusto mong gamitin ang iyong mga karapatan, dapat kang makipag-ugnayan sa RTX sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-833-882-0003 o pagpapadala ng email sa amin sa privacy.compliance@rtx.com. Mangyaring ibigay ang iyong pangalan, isang paraan para makaugnayan ka ng RTX (tulad ng email address o numero ng telepono) para matugunan namin ang iyong kahilingan, impormasyon tungkol sa uri ng iyong kaugnayan sa amin (halimbawa, bisita ka ba sa aming website o isa ka bang shareholder), at mga detalye tungkol sa pagkilos na gusto mong gawin namin. Batay sa iyong kahilingan, mag-iimbestiga kami para matukoy kung mayroon kami ng

anumang personal na impormasyon mo. Kung mayroon kami ng iyong personal na impormasyon (maliban sa ibinigay sa iyong kahilingan), susubukan naming i-verify ang iyong pagkakakilanlan batay sa personal na impormasyon na mayroon na kami; magdedepende ang hihilingin naming data sa uri ng personal na impormasyon na mayroon kami tungkol sa iyo. Bibigyan ka rin namin ng impormasyon tungkol sa kung mayroong anumang dahilan kung bakit hindi namin masusunod ang iyong kahilingan.

Mga residente ng European Union at iba pang bansang may mga batas sa privacy: May karapatan kang maghain ng reklamo sa iyong pambansa o pang-estadong awtoridad sa pagprotekta ng data, na maaaring kilala rin bilang isang awtoridad ng pangangasiwa. May karapatan ka rin na bawiin ang pahintulot, humiling ng access sa at pagtatama o pagbubura ng iyong personal na impormasyon, humiling ng mga paghihigpit o tumutol sa pagproseso ng ilang personal na impormasyon, at humingi ng portability ng data sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon. Para makipag-ugnayan sa RTX tungkol sa isang kahilingang i-access ang, itama ang, burahin ang, tutulan ang, o humingi ng mga paghihigpit o portability, mangyaring gamitin ang mga paraan ng pakikipag-ugnayan na nakasaad sa dulo ng abisong ito.

Mga residente ng Estados Unidos: Hindi nangongolekta ang RTX ng Mga Numero ng Social Security sa pamamagitan ng www.rtx.com. Ang RTX, gayunpaman, ay nangongolekta ng Mga Numero ng Social Security kung saan kinakailangan ng batas, tulad ng mga layunin ng buwis at payroll para sa mga empleyado nito. Kapag nangongolekta ang RTX at/o gumagamit ito ng Mga Numero ng Social Security, magsasagawa ang RTX ng wastong pangangalaga sa pamamagitan ng pagprotekta sa pagkakumpidensyal, paglilimita sa koleksyon, pagtiyak ng access kung kinakailangan, pagpapatupad ng naaangkop na mga teknikal na pananggala, at pagtiyak ng wastong pagtatapon.

Mga residente ng Australia: Ang bawat entidad ng RTX sa Australia ay isang “APP na entidad” na kinokontrol ng mga probisyon ng Batas sa Privacy ng 1988 (Commonwealth ng Australia) (“Batas sa Privacy ng Australia”). Nauugnay din ang mga sanggunian sa abisong ito sa RTX sa mga subsidiary ng Australia na may kaugnayan sa lahat ng pagkilos at kasanayan ng alinman sa mga ito sa pangongolekta, pangangasiwa, at pagsisiwalat ng personal na impormasyon tungkol sa mga residente sa Australia. Kung nagsisiwalat ang isang subsidiary ng Australia ng personal na impormasyon tungkol sa mga residente ng Australia sa isang tatanggap sa ibang bansa para sa alinman sa mga kadahilanang inilarawan sa abisong ito, magsasagawa ito ng mga makatwirang hakbang para matiyak na hindi nilalabag ng tatanggap sa ibang bansa ang Batas sa Privacy ng Australia kaugnay ng impormasyong iyon. Maaaring mag-email ang mga residente ng Australia sa privacy.compliance@rtx.com para ma-access, maitama, o ma-update ang iyong personal na impormasyon, kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga kasanayan sa privacy ng RTX sa pangkalahatan, o kung nais mong

magreklamo. Kung tumagal kami nang higit sa 30 araw upang tumugon o kung hindi ka nasisiyahan sa resulta, maaari kang magreklamo sa Komisyon sa Privacy sa Tanggapan ng Komisyonado sa Impormasyon ng Australia sa pamamagitan ng post sa GPO Box 5218, Sydney NSW 2001, sa telepono sa 1300 363 992, o sa email sa enquiries@oaic.gov.au.

Paano maaaring baguhin ng RTX ang patakarang ito?

Habang pinapalawak at pinapahusay ng RTX ang website na ito, maaaring kailanganin naming i-update ang patakarang ito. Kung gagawa kami ng anumang malaking pagbabago sa patakarang ito, magpo-post kami ng abiso sa aming mga website o makikipag-ugnayan kami sa iyo para ipaalam sa iyo kapag kinakailangan ng batas. Sa pamamagitan ng patuloy na pakikipag-ugnayan sa amin pagkatapos mai-post ang binagong bersyon ng patakarang ito, tinatanggap mo ang mga pagbabago sa patakarang ito, nang napapailalim sa anumang karagdagang kinakailangan na maaaring nalalapat. Hinihikayat ka naming suriin ang patakarang ito nang regular para sa anumang pagbabago. Matutukoy ang petsa ng pinakabagong bersyon sa ibaba ng patakarang ito.

Paano ka makikipag-ugnayan sa RTX?

Kung gusto mong i-access, itama, o i-update ang iyong personal na impormasyon, o kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga kasanayan sa privacy ng RTX sa pangkalahatan o reklamo, mangyaring mag-email sa privacy.compliance@rtx.com. Kung gusto mong makipag-ugnayan sa lokal na Opisyal sa Pagprotektang Data, mangyaring tandaan na ididirekta sa naaangkop na tao ang iyong email at katanungan.